


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 10:
Paglikha ng Proyekto Gamit
ang Iba't ibang *Multimedia* at
Technology Tool



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 10: Paglikha ng Proyekto Gamit ang Iba’t ibang
Multimedia at Technology Tools
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Fe P. Alas, Juliet L. Lim

Editor: Josefina E. Tanciongco, Maria Cicelia B. Pacantarra

Tagasuri: David C. Alcober, Mico May R. Cayaco

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico	Mariza S. Magan
Arnulfo M. Balane	Edgar Y. Tenasas
Rosemarie M. Guino Tamayo	Mark Chester Anthony G.
Joy B. Bihag	Gretel Laura M. Cadiong
Ryan R. Tiu	Ranulfo L. Baay
Amenia C. Asna	Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 323 - 3156

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 10:

**Paglikha ng Proyekto Gamit
ang Iba't ibang *Multimedia* at
*Technology Tools***

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang kapayapaan na minimithi ng bawat isa ay nag-uugat sa pagkakaisa at pagtutulungan ng mga mamamayan sa mga gawaing makatutulong sa bansa at sa daigdig. Maraming mga gawain na bagaman maliit ngunit malaki ang naitutulong nito sa pag-unlad ng ating bansa. Ang paggawa natin ng mga gawaing iniatang sa atin ay nararapat lamang na gawin nang buong husay at may katapatan.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakakagawa ng isang proyekto gamit ang iba't ibang *multimedia* at *technology tools* sa pagpapaunlad ng mga batas sa kalinisan, kaligtasan, kalusugan, kapayapaan at nakikiisa nang buong tapat sa mga gawaing nakatutulong sa bansa at daigdig. **(EsP5PPP-IIIi-31-32)**



Subukin

Panuto: Basahin ang mga tanong at ilagay ang letra ng sagot sa sagutang papel.

1. Kailan inanunsyo ng *WHO* ang Covid-19 *outbreak* bilang isang ganap na pandemya?
 - A. Abril 21, 2020
 - B. Enero 16, 2020
 - C. Pebrero 14, 2020
 - D. Marso 11, 2020
2. Ang batas na *Republic Act No. 11469* ay ipinatupad upang _____.
 - A. Madagdagan ang dalawang taon ang pag-aaral sa batayang edukasyon
 - B. Maging tugon sa paglaban sa Covid-19
 - C. Maiwasan ang karahasan sa paaralan
 - D. Ayusin ang ang sistema ng pagbubuwis sa bansa

3. Ito ay programa ng pamahalaan kung saan maaaring tumawag sa mga *hotlines* ang mga pasyente na nakararanas ng sintomas ng *Covid-19 virus*.
 - A. *Telemedicine Service Hotlines* at Bayanihan E-Konsulta
 - B. *Online streaming*
 - C. *Contact Tracing*
 - D. *Lockdown*

4. Ito ay proyekto ng mga ordinaryong mamamayan sa kani-kanilang pamayanan na naglalayong mamahagi ng mga libreng pagkain sa nangangailan. Ito ay may katagang "Magbigay ayon sa kakayahan, Kumuha batay sa pangangailangan."
 - A. *Online selling*
 - B. *Donation drive*
 - C. *Community pantry*
 - D. *Clean-up drive*

5. Ang mga sumusunod ay mga mungkahing dapat gawin upang maprotektahan ang sarili sa *Covid-19* maliban sa isa.
 - A. Pananatili sa tahanan
 - B. Pagsuot ng *face mask* at *face shield* sa tuwing lalabas
 - C. Pagdalo sa mga malalaking *party*
 - D. Pagpapanatili ng kalinisan sa paligid at pagpapalakas ng pangangatawan

6. Ang *Republic Act 11469* ay kilala rin bilang _____.
 - A. *Cybercrime Prevention Act of 2012*
 - B. *Bayanihan to Heal as One Act*
 - C. TRAIN Law
 - D. *Enhanced Basic Education Act of 2013*

7. Ito ay mga pag-uugaling kinakailangan sa panahon ng pandemya.
 - A. Pakikiisa, pagsuporta sa mga programang pampamayanan o pambansa at malasakit sa kapwa
 - B. Pagsasawalang bahala sa problema
 - C. Hindi pagsunod sa mga alituntuning pangkaligtasan at pangkalusugan
 - D. Pagiging makasarili

8. Ginagawa upang malaman ang mga taong nakasalamuha ng pasyenteng may *Covid-19*.
 - A. Bayanihan E-Konsulta
 - B. *Lockdown*
 - C. *Telemedicine Service Hotline*
 - D. *Contact tracing*

9. Maaaring gamitin upang maayos, ligtas at mabilis ang pagbabahagi ng mga mahahalagang impormasyon ngayong pandemya.
- Mga liham
 - Dyaryo
 - Technology at Multimedia tools*
 - Kompyuter
10. Ano ang ibig sabihin ng WHO?
- World Happiness Organization*
 - World Health Organization*
 - Working Healthy Organizers*
 - World Hunger Organization*

Aralin 1	<h2 style="margin: 0;">Paglikha ng Proyekto Gamit ang Iba't ibang <i>Technology Tools</i></h2>
-------------------------------	--

Ang paggawa ng proyekto at programang pampamayanan ay nakatutulong sa pangkalahatang kaunlaran. Maraming paraan upang maisagawa ang mga proyekto at programang nais nating isagawa. Isa sa mga mabilis at epektibong pamamaraan ng pagsasagawa ng mga proyekto at programang ito ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Sa araling ito, matututuhan mo ang iba't ibang paraan ng paggamit ng teknolohiya sa paglikha ng mga proyekto.



Balikan

Panuto: Tukuyin kung ang tinutukoy ng pahayag sa pamamagitan ng pagbuo ng salita mula sa mga halo-halong letra na nasa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Ito ay isa sa pinakamahalaga at pinaka karaniwang uri ng *technology* at *multimedia tool*.

X E T T

2. Ito ay tumutukoy sa mga gumagalaw na larawan na sinasamahan ng mga tunog tulad ng nakikita sa telebisyon.

D I O E V

3. Ito ay ginagamit upang ipaliwanag o ituro ang mahalagang konsepto o impormasyon nang mabilis at maayos.

C S R G A H P I

4. Ito ay proseso kung saan ang mga magkakasunod na larawan ay maaaring ipalabas na tila gumagalaw.

N N M A I I O A T

5. Ito ay pinagsamang mga tunog tulad ng musika, dayalogo, *sound effects* at talumpati na maaaring gamitin kasama ng iba pang uri ng *technology* at *multimedia tools*.

U A I D O



Tuklasin

Panuto: Punan ang talahayanan sa ibaba ng mga batas o alituntunin sa inyong pamayanan o barangay na may kinalaman sa kalinisan, kalusugan, kaligtasan, o kapayapaan at ibahagi kung paano naipapaalam ang mga alituntunin na ito sa mga tao sa inyong pamayanan. Matapos punan ang talahanayan, sagutin ang mga gabay na tanong sa sagutang papel.

TUNGKOL SAAN	BATAS/ALITUNTUNIN	PAANO IPINAALAM SA PAMAYANAN
Kalusugan	Halimbawa: Libreng <i>Flu Vaccine</i> para sa mga <i>Senior Citizen</i>	<i>Graphics</i> na nasa anyong <i>tarpaulin</i>
Kalusugan		
Kaligtasan		
Kapayapaan		

Kalinisan		

Mga gabay na tanong:

1. Ano-ano ang mga batas o alituntunin na ipinapatupad sa inyong pamayanan?
2. Paano mo nalalaman ang mga impormasyon tungkol sa mga batas o alituntunin na ito?
3. Bakit mahalaga na may sapat tayong kaalaman tungkol sa mga batas at alituntunin sa pamayanan?
4. Ano ang katangiang dapat taglayin ng mga kabilang sa pamayanan upang mapanatiling naipapatupad ang mga batas at alituntunin?
5. Bilang mag-aaral, magbahagi ng iyong karanasan ng pagsunod sa mga batas o alituntunin sa inyong pamayanan.




Suriin



Sa nakaraang modyul, iyong natutuhan ang kahalagahan ng pakikiisa sa mga batas o gawaing pang-pamayanan para sa layuning pangkalinisan, pangkalusugan, pangkaligtasan, at pangkapayapaan. Natutuhan mo rin na maaaring gumamit ng iba't ibang *technology at multimedia tools* sa pagpapalaganap ng mga impormasyon o mensahe sa iyong pamayanan. Natalakay sa iyo ang mga uri at halimbawang *application* ng bawat isang *tool*. Nalaman mo rin ang mga magagandang dulot ng paggamit nito sa proyektong pangpamayanan maging ang iyong tungkulin sa responsableng paggamit nito. Sa modyul na ito, iyong magagamit ang iyong mga natutuhan upang maiparating ang iyong pakikiisa sa mga proyektong pampamayanan sa panahon ng pandemya.

Noong Marso 11, 2020 nang inanunsyo ng *World Health Organization* na ang *Covid-19 virus outbreak* ay kumalat na sa buong mundo at idineklara na itong isang pandemya. Dahil dito, maraming mga bagay na nakagawian ang unti-unting nabago. Isa sa mga pagbabagong ito ay ang pagbabawal sa mga malakihang pagtitipon, pagpapanatili sa tahanan, pagbabawal sa gawain na nangangailangan ng pisikal na ugnayan. Kinakailangan din mag-suot ng mga *face mask at face*

shield sa tuwing lalabas bilang proteksyon sa *virus*. Lahat ng mga ito ay ipinatupad bilang pag-iingat sa pagpapakalat at pagkuha ng sakit. Naging limitado ang bilang ng mga awtoridad na tumutulong sa pagpapanatili ng kaayusan sa bansa at sa pamayanan. Malaking papel ang ginagampanan ng *technology* at *multimedia tools* upang magpatuloy ang pamamahagi ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa mga konkreong proyekto, hakbang sa pagtulong sa mga mamamayan at pati na rin ang pagpapatupad ng mga batas.

Narito ang ilan sa mga proyekto na maaaring gamitan ng *technology* at *multimedia tools*:

<p>URI NG TECHNOLOGY AT MULTIMEDIA TOOLS</p>	<p>MGA HALIMBAWA NG MGA PROYEKTONG PAMPAMAYANAN/PAMBANSA NA MAAARING GINAGAMITAN NG TECHNOLOGY AT MULTIMEDIA TOOLS</p>
<p><i>Audio</i></p>	<p>Ang pamahalaan at iba't ibang organisasyon ay naglunsad ng <i>Telemedicine Service Hotline</i> at “<i>Bayanihan E-Konsulta</i>” kung saan maaaring tumawag ang mga pasyente na nakakaranas ng mga sintomas ng Covid-19 o nasa proseso na ng pagpapagaling mula dito, sa halip na pisikal na pumunta sa mga hospital.</p>  <p>Pinagkunan: https://caro.doh.gov.ph/paano-pangalagaan-ang-isang-taong-may-mild-o-moderate-symptoms-ng-covid-19/?fbclid=IwAR0AF7sji54gHDmQNHEumo7ReUpTip18IVRRS2-E7S8GVDC-R0ggV4Bd2Q0</p>
<p><i>Graphics</i></p>	<p>Nagsimula ang unti-unting pagbabakuna kontra Covid-19 sa mga mamamayan sa iba't ibang parte ng bansa. Maaaring gumamit ng <i>graphs</i> upang maipakita ang bahagdan ng populasyon na nakatanggap na ng bakuna, mga impormasyon tungkol sa iba't ibang bakuna at ang pagpapatupad ng mga panuntunang pangkalusugan.</p>

	 <p>Pinagkunan: https://caro.doh.gov.ph/bida-bakunation/</p>
<p>Video</p>	<p>Nagkaroon ng pagsasabatas ng Republic Act No. 11469 o kilala sa “<i>Bayanihan to Heal as One Act</i>” upang maging tugon sa Covid-19. Sa paggamit ng video, maiisa-isa ang mga nilalaman ng batas na ito.</p>  <p>Pinagkunan: https://www.youtube.com/watch?v=Fjy6tFvEDTM</p>
<p>Animation</p>	<p>Pagdedeklara ng <i>lockdown</i> sa buong bansa upang mapanatili ang kaligtasan ng mamamayan mula sa banta ng Covid-19. Maipapakita sa pamamagitan ng <i>animation</i> ang mga paraan na maaaring gawin upang mapanatiling malusog ang pangangatawan at malinis na kapaligiran.</p>



Pinagkunan: <https://www.youtube.com/watch?v=1qVxTcaN1RM>


Text

Ipinatupad ang *contact tracing* sa bawat lugar gamit ang *information sheet* na sinusulatan o sinasagutan *online* bago makapasok sa isang lugar o gusali. Ito ay ginagawa upang malaman ang mga taong nakasalamuha ng pasyenteng may Covid-19.

Contact Tracing Sheet

Pinagkunan: <https://doh.gov.ph/sites/default/files/health-update/dm2020-0189.pdf>

Digital Contact Tracing Form



Ilan lamang sa marami pang mga proyekto ng pamahalaan ang nabanggit sa talahanayan ang ipinatutupad sa kasalukuyan. Inaasahan na sa pagdaan ng mga araw ay madadagdagan pa ito.

Ang mga ordinaryong mamamayan ay nagpapakita rin ng kanilang mga malasakit sa iba't ibang paraan. Ang ilan ay nagbabahagi ng mga *relief goods*, mga produktong pangkabuhayan na hindi mabenta at piniling ipamahagi upang mapakinabangan ng mga nangangailangan. Kamakailan lamang, lumitaw ang "*Community Pantry*" na may nakasulat na katagang "Magbigay ayon sa kakayahan, Kumuha batay sa pangangailangan" na may layon na tulungan ang mga mamamayan sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan sa pagkain. Sa tulong ng mga *technology* at *multimedia tools*, kumalat ito at nagsilbing inspirasyon at kalaunan ay ginawa na rin sa iba't ibang parte ng bansa. Pagpapatunay lamang ito na buhay pa rin sa mga Pilipino ang diwa ng pagkakaisa, bayanihan, at malasakit sa isa't isa. Hindi pa man maaaring pisikal na makibahagi, ngunit sa tulong ng mga *technology* at *multimedia tools* ay mas mabilis, ligtas at malawakan ang pagpapakalat ng kamalayan, hakbang at magandang layunin para sa ikabubuti ng lahat. Ang iyong suporta at pakikiisa ay higit na kinakailangan upang sama-samang mapagtagumpayan ang laban na ito.

Kahit nasa loob lamang ng tahanan, maipapadama ang malasakit sa kapwa at maipakikita ang pakikiisa at suporta sa mga proyektong pampamayanan o pambansa na may kinalaman sa *Covid-19*. Ito ay sa pamamagitan ng pagiging maalam sa mga bagong balita o impormasyon tungkol dito at sa pagpapakalat nito sa iba't ibang paraan gamit ang *technology* at *multimedia tools*. Ang mga bata at

mag-aaral na nasa ikalimang baitang na tulad mo ay maaaring makibahagi at makatulong sa pamamagitan ng paggawa ng *poster*, anunsyo, maikling *video* at *pagre-record* upang mabilis at ligtas na maiparating sa kapwa mamamayan ang importanteng balita o impormasyon. Ang pagsasagawa ng mga ito ay maituturing na malaking bagay hindi lamang sa iyong pamayanan kundi maging sa buong bansa at mundo.



Pagyamanin

Batay sa mga proyektong ipinapatupad ng inyong barangay na tinukoy sa Tuklasin, maglista ng mga paraan kung papaano ipinapatupad ng iyong barangay ang kanilang mga programa. Isulat sa loob ng kahon ang iyong sagot.

Proyekto ng Barangay/o batas na pinapatupad	Paraan ng pagpapatupad	<i>Multimedia at Technology tool na ginamit</i>
Hal. <i>Lockdown</i>	Nagpapalabas at inaanunsiyo gamit ang trumpa na tinatawag na <i>public address</i> .	<i>Audio</i>



Isaisip

Panuto: Sa iyong sagutang papel, kumpletohin ang mga pahayag na nasa loob ng *graphic organizer*.

Technology and Multimedia Tools

Nakatutulong ang mga *technology at multimedia tools* sa pamayanan sa pamamagitan ng...

Kailangang maging responsible at maingat sa paggamit ng mga *technology at multimedia tools* dahil...



Isagawa

Pumili ng iyong kayang gawin para iyong maipakita kung papano ka makatutulong sa pagpapatupad ng batas tungkol sa kalinisan, kaligtasan, at kapayapaan nang may paggamit ng iba't ibang *multimedia* at *technology tools*.

Gawing gabay sa paggawa ang rubriks sa ibaba.

1. Gumawa ng isang *digital poster* na maghihikayat sa inyong pamayanan na magtanim sa kanilang mga bakuran. Ang programang ito ay pinamagatang “Bakuran Mo, Gulayan Mo”; o
2. Gumawa ng *audio recording* na patalastas na nagpapaalala sa mga tao na panatilihin ang distansya sa isa't isa at palaging suotin ang *face masks* upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na COVID-19; o
3. Gumawa ng *video recording* na patalastas tungkol sa tamang paraan ng paghuhugas ng kamay upang maiwasan ang pagkalat ng mga mikrobyo at *virus*.

Katumbas na Marka	Mga Pamantayan
20 Napakahusay	Napakahusay ng nilalaman ng presentasyon. Naipakita nang buong husay kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay may napakaayos na organisasyon. Ang ginawang presentasyon ay napakamalikhain.
15 Mahusay	Mahusay ang nilalaman ng presentasyon. Naipakita nang mahusay kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay may maayos na organisasyon. Ang ginawang presentasyon ay malikhain.
10 Katamtamang Husay	Hindi gaanong mahusay ang nilalaman ng presentasyon. Hindi gaanong naipakita nang mahusay kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay hindi gaanong maayos ang organisasyon. Ang ginawang presentasyon ay hindi gaanong malikhain.
5 Kailangang Paghusayan	Hindi mahusay ang nilalaman ng presentasyon. Hindi naipakita kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay hindi maayos. Ang ginawang presentasyon ay hindi malikhain.



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang batas na *Republic Act No. 11469* ay ipinatupad upang _____.
 - A. Madagdagan ang dalawang taon ang pag-aaral sa batayang edukasyon
 - B. Maging tugon sa paglaban sa Covid-19
 - C. Maiwasan ang karahasan sa paaralan
 - D. Ayusin ang ang sistema ng pagbubuwis sa bansa
2. Ito ay programa ng pamahalaan kung saan maaaring tumawag sa mga *hotlines* ang mga pasyente na nakararanas ng sintomas ng *Covid-19 virus*.
 - A. *Telemedicine Service Hotlines* at Bayanihan E-Konsulta
 - B. *Online streaming*
 - C. *Contact Tracing*
 - D. *Lockdown*
3. Kailan inanunsyo ng *WHO* ang Covid-19 *outbreak* bilang isang ganap na pandemya?
 - A. Abril, 21, 2020
 - B. Enero 16, 2020
 - C. Pebrero 14, 2020
 - D. Marso 11, 2020
4. Ang mga sumusunod ay mga mungkahing dapat gawin upang maprotektahan ang sarili sa *Covid-19* maliban sa isa.
 - A. Pananatili sa tahanan
 - B. Pagsuot ng *face mask* at *face shield* sa tuwing lalabas
 - C. Pagdalo sa mga malalaking *party*
 - D. Pagpapanatili ng kalinisan sa paligid at pagpapalakas ng pangangatawan
5. Ito ay proyekto ng mga ordinaryong mamamayan sa kani-kanilang pamayanan na naglalayong mamahagi ng mga libreng pagkain sa nangangailan. Ito ay may katagang "Magbigay ayon sa kakayahan. Kumuha batay sa pangangailangan".
 - A. *Online selling*
 - B. *Donation drive*
 - C. *Community pantry*
 - D. *Clean-up drive*

6. Ito ay mga pag-uugaling kinakailangan sa panahon ng pandemya.
- A. Pakikiisa, pagsuporta sa mga programang pampamayanan o pambansa at malasakit sa kapwa
 - B. Pagsasawalang bahala sa problema
 - C. Hindi pagsunod sa mga alituntuning pangkaligtasan at pangkalusugan
 - D. Pagiging makasarili
7. Ang *Republic Act 11469* ay kilala rin bilang _____.
- A. *Cybercrime Prevention Act of 2012*
 - B. *Bayanihan to Heal as One Act*
 - C. TRAIN Law
 - D. *Enhanced Basic Education Act of 2013*
8. Ginagawa upang malaman ang mga taong nakasalamuha ng pasyenteng may *Covid-19*.
- A. Bayanihan E-Konsulta
 - B. Lockdown
 - C. *Telemedicine Service Hotline*
 - D. *Contact tracing*
9. Ano ang ibig sabihin ng WHO?
- A. *World Happiness Organization*
 - B. *World Health Organization*
 - C. *Working Healthy Organizers*
 - D. *World Hunger Organization*
10. Maaaring gamitin upang maayos, ligtas at mabilis ang pagbabahagi ng mga mahahalagang impormasyon ngayong pandemya.
- A. Mga liham
 - B. Dyaryo
 - C. *Technology at Multimedia tools*
 - D. Kompyuter



Karagdagang Gawain

Panuto: Mag-isip ng isang proyekto na gusto mong gawin sa inyong pamayanan at ipaliwanag kung paano maisasakatuparan ang proyektong ito sa pamamagitan ng isang patalastas na maaaring nasa anyong *audio, text, video, graphics* o *animation*.

Rubrik o batayan sa pagmamarka:

1. ***Napapanahon*** (Ang gagawing proyekto ay angkop sa kasalukuyang pangangailangan ng tao na maaring may kaugnayan sa kalinisan, kaligtasan, kalusugan at kapayapaan) **30%**
 2. ***Pagkamalikhain*** (Ang gawa ay nagpapakita ng iyong kagalingan at kahusayan sa paglalahad ng ideya.)**30%**
 3. ***Gamit na technology tools*** (Ang gawa ay mabisang nailahad gamit ang *multimedia* at *technology tools*.)..... **30%**
 4. ***Takdang oras ng pagpasa*** (Ang gawa ay naipasa sa guro ayon sa takdang oras.)..... **10%**
- 100%**



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. B
3. A
4. C
5. C
6. B
7. A
8. D
9. C
10. B

Balikan

1. TEXT; 2. VIDEO; 3. GRAPHICS; 4. ANIMATION; 5. AUDIO

Tuklasin

Iba-iba ang magiging sagot

Pagyamanin

Iba-iba ang magiging sagot

Isaisip; Iba-iba ang magiging sagot

Isagawa: Iba-iba ang magiging sagot

Tayahin

A.

1. B
2. A
3. D
4. C
5. C
6. A
7. B
8. D
9. B
10. C

Karagdagang Gawain

Iba-iba ang magiging sagot

Sanggunian

A. (2021, April 23). Noxopharm's Veyonda prevents cytokine storm in Covid-19 trial. *Pharmaceutical Technology*. Nakuha noong Abril 22, 2021 mula sa <https://www.pharmaceutical-technology.com/news/who-declares-covid-19-pandemic/>

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide 2016 in EsP Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Region Test Item Bank for EsP 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Tacloban City Division Contextualized Lesson Plan*. Tacloban: Department of Education.

Robredo's "e-Konsulta" project provides free COVID-19 care kits for patients. (00). Cnn. Nakuha noong Abril 22, 2021 mula sa <https://cnnphilippines.com/news/2021/4/11/COVID-care-kit-Robredo-e-Konsulta-.html>

Paano pangalagaan ang isang taong may mild o moderate symptoms ng COVID-19?. (n.d). Nakuha noong Abril 22, 2021 mula sa <https://caro.doh.gov.ph/paano-pangalagaan-ang-isang-taong-may-mild-o-moderate-symptoms-ng-covid-19/>

Bakit kailangan natin manatili sa loob ng bahay: Isang coronavirus explainer para sa mga bata. (2020, April 18). [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=1qVxTcaN1RM>

Bayanihan to Heal as One Act. (2020, March 24). [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=Fjy6tFvEDTM>

BIDA Bakunation. (n.d). <https://caro.doh.gov.ph/bida-bakunation/>

<https://doh.gov.ph/sites/default/files/health-update/dm2020-0189.pdf>

